BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19?
FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
Lesson 10

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **"Tamang Pag-ubo".** Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 10**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Jose ng Tarlac City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, sinabihan po ako ng kapitbahay namin na makakahawa po ako ng COVID-19 kasi po umubo po ako. May pwede po ba akong gawin para hindi po mahawa ang iba?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Magandang Araw, Jose!

Salamat sa iyong katanungan. 🤗

--

Bilang sagot, maaari tayong makahawa ng COVID-19 kung hahayaan nating may ibang tao na matalsikan ng droplet - laway, plema 🗣️ o sipon 😭 natin.

**IV.✊ HAMON**

Kaya, bilang pag-iingat dapat nating ugaliin ang "Cough Etiquette" o Tamang Paraan ng Pag-ubo:

(1) Magsuot ng face mask kung lalabas ng bahay, upang maiwasan ang pagtalsik ng droplets sa iba.

(2) Kung nasa bahay naman, takpan ang buong ilong o bibig kung sisinga o uubo gamit ang tisyu o panyo. 🤭 ◻ (Kung wala naman, maaaring gamitin ang manggas ng damit o loob ng siko. 👕💪) Siguruhin ding maghugas ng kamay sa loob ng 20 segundo pagkatapos umubo o bumahing, o gumamit ng hand-sanitizer ➕ na may 70% solution upang mapatay ang mga virus na kumapit dito. 😉

(3) Lumayo sa ibang tao kapag babahing, uubo,🗣 o sisinga 😭. Panatilihin ang isang metro o tatlong dipang layo. 🚶‍♀ 🚶‍♂

(Iwasan ding dumura kung saan-saan. 🙅‍♀😪 Kadiri 'yun!)

(4) Itapon ang nagamit na tisyu sa basurahan 🧻🗑. Ang panyo at t-shirt naman ay ilagay sa marumihan at labhan sa madaling panahon gamit ang sabong panlaba, at tubig na may kaunting bleach. 🧺👕

Protektahan natin ang bawat isa sa COVID-19: magsuot ng face mask, o takpan natin ang bibig o ilong kapag tayo'y uubo, babahing, o sisinga 🤭. Huwag nating hayaan na makapaghasik ng lagim ang virus na nasa droplet natin. 🙅‍♀🗣🦠

Sa ganitong paraan, hindi tayo makakahawa ng sakit sa iba, at makakatulong pa tayo upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa bansa. ❌🦠🇵🇭

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Tama o Mali. Makakahawa ng COVID-19 kung tinatakpan ang bibig o ilong kapag uubo.
🔎 Tama o Mali. Ugaliin ang "Cough Etiquette" bilang pag-iingat.
🔎 Ano ang termino para sa Tamang Paraan ng Pag-ubo.
🔎 Anu-ano pa ang maaaring gamiting pantakip ng bibig o ilong kapag uubo o sisinga bukod sa tisyu o panyo?
🔎Ano ang gagawin sa damit o panyo na ginamit?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita ulit tayo sa susunod para sa "Bata, may tanong ka ba tungkol sa COVID-19?" 👧🏻🧒🏻❓

Maraming salamat sa pakikiisa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."